Mensahe Labindalawa

## Ang Dibinong Trinidad, ang Espiritu ni Hesus, at ang Kaharian ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Gawa 1:3; 2:32-36; 8:12; 14:22; 16:6-7; 20:28; 28:23, 31

I. **Kung paanong ang Dibinong Trinidad ay ang banghay ng buong Bagong Tipan, gayundin ang Dibinong Trinidad ay ang estruktura ng aklat ng Mga Gawa; inihahayag ng kapitulo kada kapitulo ng Mga Gawa ang paggawa ng Dibinong Trinidad para sa pagsasagawa ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos—hal., 1:1-2, 4-5, 8, 11, 21; 2:4, 17-18, 21-24, 27, 31-33, 36, 38; 13:2, 4, 7, 9-10, 12, 16, 23, 30, 33-39, 49-50, 52; 28:15, 23, 25, 31:**

   A. Ang Tres-unong Diyos—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu—ay lubusang may kinalaman sa pag-akyat sa langit ng Anak at sa pagbubuhos ng Espiritu—2:32-36:

      1. Umakyat sa langit ang Anak, itinaas Siya ng Ama, at ibinuhos ang Espiritu—Luc. 24:51; Fil. 2:9; Gawa 1:9-11; 2:32-36.
      2. Ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu ay pawang nakapaloob sa pagbubuhos ng Espiritu bilang kasukdulan ng naprosesong Tres-unong Diyos—b. 33; Juan 7:37-39; Fil. 1:19.

   B. Sa Mga Gawa 16:6-7 *ang Espiritu Santo* at *ang Espiritu ni Hesus* ay ginamit nang salitan, naghahayag na ang Espiritu ni Hesus ay ang Espiritu Santo:

      1. *Ang Espiritu Santo* ay isang pangkalahatang titulo ng Espiritu ng Diyos sa Bagong Tipan—Gawa 9:17, 31.
      2. Bilang isang sisidlang naglalaman ng Tres-unong Diyos, lubusang nabuoan si Pablo ng Espiritu Santo at ng Espiritu ni Hesus—Efe. 3:14-17; Luc. 1:35; Gawa 2:32-36; Fil. 1:19.
      3. Ang uri ng gawain na ginagawa natin para sa Panginoon ay nakadepende sa uri ng Espiritu kung kanino tayo ay nagagabayan, napapatnubayan, natatagubilinan, at nabubuoan; kapag ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu ay nagiging ating pagkakabuo, ang ating gawain ay magiging kahayagan ng Espiritung ito—Gawa 16:6-7; Roma 8:9; Fil. 1:19.

   C. Nakamit ng Diyos ang ekklesia “sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo”—Gawa 20:28:

      1. Binili ng Diyos ang ekklesia sa pamamagitan ng pagbabayad ng halaga ng “Kanyang sariling dugo.”
      2. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ang ating Diyos, ang Manlilikha, ang walang hanggang Isa, ay nasama sa tao—Juan 1:1, 14:
         a. Bilang resulta, hindi na lamang Siya Diyos—Siya ay naging isang Diyos-tao, na may dugo at may kakayahang mamatay para sa atin—1 Juan 1:7.
         b. Nang mamatay sa krus ang Panginoong Hesus, ang Diyos-tao, namatay Siya hindi lamang bilang tao bagkus bilang Diyos din.
      3. Ang dugong binubo Niya ay hindi lamang ang dugo ng taong si Hesus bagkus ang dugo rin ng Diyos-tao.
      4. Samakatwid, ang Kanyang dugo, na sa pamamagitan nito ay nakamit ng Diyos ang ekklesia, ay ang “Kanyang sariling dugo”—Gawa 20:28.

II. ***Ang Espiritu ni Hesus*** **ay isang partikular na pagpapahayag hinggil sa Espiritu ng Diyos at tumutukoy sa Espiritu ng nagkatawang-taong Tagapagligtas na, bilang**

**Hesus sa Kanyang pagkatao, ay dumaan sa pantaong pamumuhay at kamatayan sa krus—16:7:**

A. Sa Espiritu ni Hesus ay hindi lamang may dibinong elemento ng Diyos bagkus may pantaong elemento ni Hesus at mga elemento ng Kanyang pantaong pamumuhay at Kanyang pagdurusa ng kamatayan din—1:3.

B. Ang Espiritu ni Hesus ay hindi lamang ang Espiritu ng Diyos na may pagkadibino sa loob Niya upang maipamuhay natin ang dibinong buhay bagkus ang Espiritu ng taong si Hesus din na may pagkatao sa loob Niya upang maipamuhay natin ang isang wastong pantaong buhay at matiis ang mga pagdurusa nito—Roma 8:18; 2 Cor. 1:5:

1. Kinailangan ni Pablo sa kanyang pagdurusa ang Espiritu ni Hesus dahil sa loob ng Espiritu ni Hesus ay may elemento ng pagdurusa at kalakasang magdusa upang matagalan ang pag-uusig—Col. 1:24; Gawa 9:15-16; 16:7.
2. Sa ating pangangaral ng ebanghelyo ngayon, kailangan din natin ang Espiritu ni Hesus upang harapin ang pagsalungat at pag-uusig.

C. Ang Espiritu ni Hesus ay kinapapalooban nang higit pa sa Espiritu Santo—bb. 6-7:

1. Ang Espiritu Santo ay kinapapalooban lamang ng pagkakatawang-tao at kapanganakan ng Panginoong Hesus—Luc. 1:35; Mat. 1:18, 20.
2. Ang Espiritu ni Hesus ay kinapapalooban ng Kanyang pagkatao, pantaong pamumuhay, nagpapaloob ng lahat na kamatayan, namamahagi ng buhay na pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit—Gawa 1:1-3, 8; 2:23, 32, 36.

D. Kung paanong ang Espiritu ni Kristo ay ang realidad ni Kristo, gayundin ang Espiritu ni Hesus ay ang realidad ni Hesus—Roma 8:9; Gawa 16:7:

1. Kung wala tayong Espiritu ni Hesus, si Hesus ay hindi magiging totoo sa atin.
2. Si Hesus ay totoo sa atin dahil mayroon tayong Espiritu ni Hesus bilang realidad, ang pagsasarealidad, ni Hesus—b. 7.

**III. Ang kaharian ng Diyos ay ang pangunahing paksa ng pangangaral ng mga apostol sa Mga Gawa—1:3; 8:12; 14:22; 19:8; 20:25; 28:23, 31:**

A. Ang katunayang ang nabuhay na muling Kristo, sa Kanyang pagpapakita sa mga apostol sa loob ng apatnapung araw, ay nagsalita sa kanila “ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Diyos” ay nagpapahiwatig na ang kaharian ay magiging ang pangunahing paksa ng pangangaral ng mga apostol sa kanilang darating na pag-aatas pagkatapos ng Pentecostes—1:3.

B. Ayon sa Bagong Tipan, ang kaharian ng Diyos ay hindi isang nakikita, materyal na kinasasaklawan; sa katunayan, ang kaharian ng Diyos ay isang persona, ang Panginoong Hesu-Kristo Mismo—Luc. 17:20-21.

C. Ang mga ekklesia at ang kaharian ng Diyos ay magkasama; ang mga ekklesiang ibinunga ng pagpapalaganap ng nabuhay na muling Kristo ay ang kaharian ng Diyos sa lupa ngayon—Gawa 14:22; 20:25:

1. Ang nabuhay na muling Kristo, na nagpapalaganap ng Kanyang sarili sa Kanyang pag-akyat sa langit, sa pamamagitan ng Espiritu, at sa pamamagitan ng mga disipulo, ay ang realidad ng kaharian ng Diyos; ang kaharian ng Diyos ay ang Kanyang paglawak—1:8; 8:12:
   a. Ang mga ekklesia ay ang paglawak ni Kristo, na dumating upang ihasik ang Kanyang sarili bilang binhi ng kaharian ng Diyos; inihayag ito sa mga Ebanghelyo—Marc. 4:3, 26.

    b. Si Kristo sa mga Ebanghelyo ay ang binhi ng kaharian; sa aklat ng Mga Gawa ay mayroon tayong pagpapalaganap ng binhing ito upang ibunga ang mga ekklesia bilang kaharian ng Diyos—8:1, 12; 13:1-4.
  2. Tayong nasa mga ekklesia ang pagpapalaganap ni Kristo at ang paglawak ni Kristo, at pinalalaki natin ang kaharian ng Diyos—Apoc. 1:9, 11.

D. Ang kaharian ng Diyos ay ang paglaganap ni Kristo bilang buhay tungo sa Kanyang mga mananampalataya upang bumuo ng isang kinasasaklawan kung saan namumuno ang Diyos sa loob ng Kanyang buhay—2 Ped. 1:3-11:
  1. Upang makapasok sa kahariang ito, kailangan ng mga tao na magsisi sa kanilang mga kasalanan at sumampalataya sa ebanghelyo nang sa gayon ay mapatawad ang kanilang mga kasalanan at sila sa gayon ay maisilang na muli ng Diyos upang magkaroon ng dibinong buhay, na tumutugma sa dibinong kalikasan ng kahariang ito—Marc. 1:15; Juan 3:3, 5.
  2. Lahat ng mananampalataya sa loob ni Kristo ay makababahagi sa kaharian sa kapanahunan ng ekklesia para sa kanilang pagtatamasa sa Diyos sa Kanyang katuwiran, kapayapaan, at kagalakan sa Espiritu Santo—Roma 14:17.
  3. Ang kaharian ng Diyos ay magiging ang kaharian ni Kristo at ng Diyos para manahin at tamasahin ng mga nananaig na mananampalataya sa darating na kapanahunan ng kaharian nang sa gayon ay makapaghari sila kasama ni Kristo sa loob ng sanlibong taon—1 Cor. 6:9-11; Gal. 5:19-21; Efe. 5:5; Apoc. 20:4, 6.
  4. Bilang walang hanggang kaharian, ang kaharian ng Diyos ay magiging walang hanggang pagpapala ng walang hanggang buhay ng Diyos para matamasa ng lahat ng tinubos ng Diyos sa bagong langit at bagong lupa magpasawalang-hanggan—21:1-4; 22:1-5, 14, 17.

E. Sa Mga Gawa 14:22, namanhik si Pablo sa mga mananampalatayang nagpapatuloy sa pananampalataya na matanto na sa gitna ng maraming kapighatian ay kailangan tayong pumasok sa kaharian ng Diyos, dahil sinasalungat ng buong sanlibutan ang ating pagpasok; ang pumasok sa kaharian ng Diyos ay ang pumasok sa lubos na pagtatamasa kay Kristo bilang kaharian.

F. Sa Mga Gawa 19 ay makikita natin na nakikipaglaban si Satanas sa paglaganap ng Diyos ng Kanyang kaharian sa lupa; ang nananagumpay na ministeryo para sa pagpapalaganap ni Kristo ay isang pakikipaglaban, isang pakikipagbaka, para sa kaharian ng Diyos—bb. 23-41.

G. Ang pagpoproklama ni Pablo hinggil sa kaharian ng Diyos sa Mga Gawa 28:31 ay ang pagpapalaganap ng nabuhay na muling Kristo:
  1. Pinatutunayan ito ng mga salitang *itinuturo ang mga bagay hinggil sa Panginoong Hesus,* na mga bagay na kasama ng kaharian ng Diyos—b. 23.
  2. Ang ituro ang hinggil kay Kristo ay ang ipalaganap ang kaharian ng Diyos; samakatwid, ang kaharian ng Diyos sa katunayan ay ang pagpapalaganap ng nabuhay na muling Kristo—isang prosesong nagpapatuloy na isagawa sa pamamagitan ng mga mananampalataya ngayon—b. 31.

*© 2024 Living Stream Ministry*